

# 1

Ten years ago...

Mag-isang naiwan ang labing-anim na taong gulang na si Elena sa sementeryo habang nagsiuwian na ang lahat ng taong nakipaglibing sa kanyang lolo. Si Lolo Berto ang nagtaguyod sa kanya simula nang namatay kapwa sa tuberculosis ang kanyang mga magulang sampung taon na ang nakakaraan. Ngayong wala na ang kanyang abuelo ay hindi niya alam kung saan pupunta.

Katatapos niya lang nitong nagdaang buwan ng high school at ayon sa mga kababaryo niya ay dapat na siyang mag-asawa. Pinapakasal nga siya ng natitirang kamag-anak na si Tiyong Kayo sa biyudong kumpare nitong si Nestor. Ayaw niya dahil narinig niya ang tsismis na binubugbog ni Nestor ang dating asawa nito na namatay sa panganganak. Gusto niya sanang pumunta sa kabilang bayan kung saan may naghahanap ng mga dalagang gustong mamasukan bilang katulong sa Maynila kaso humihingi ito ng limang libo at wala namang iniwan ni isang kusing ang kanyang namayapang lolo.

Pinahid ni Elena ang luha bago nagpaalam

sa puntod ni Lolo Berto dahil papadilim na ang langit. Mabigat ang loob na lumabas siya sa kalawanging tarangkahan ng sementeryo at nilakad ang batuhing kalsada ng Barangay Abwas papunta sa maliit na dampa na matatagpuan sa gilid ng dambuhalang akasya na nagtatapos sa kalsada. Madilim na pagdating niya sa kanilang dampa at nandoon na ang apat na matatandang babae, nakaupo sa labas para magrosaryo. Inilawan niya ang gasera para lumiwanag ang kanilang dampa at inumpisahan ng mga ito ang manalangin. Kung may pangmerienda lang siya, siguradong puno ang kubo niya, ngunit wala nga kaya apat lang ang dumating.

Iniwan niya muna sandali ang mga babaeng nagrosaryo at gamit ang isa pang gasera ay lumabas siya ng bahay para makakuha ng tubig sa balon na nasa gilid ng ilog. Ininit niya ito para may pangtimpla ng salabat at iyon ang pinagtulangang ubusin nilang lima. Hindi na nagtagal pa ang apat, nagpaalam din ang mga ito pagkaubos ng baso ng salabat. Dahil nag-iisa na siya sa ngayon, sinaraduhan niya nang husto ang lahat ng mga bintana at pinto para hindi siya basta-basta mapasok.

Nakahiga na siya sa kanyang papag para matulog nang may kumatok. Nakaramdam siya ng takot pero

tumayo rin, kumuha ng itak at lumapit sa pinto.

“Sino po ’yan?”

“Elena, si Tiyong Kayo mo ’to!” tawag ng pamangkin ni Lolo Berto.

“Kayo po pala. Sandali.” Ibinalik niya muna ang itak sa banggerahan bago binuksan ang pinto. Pagbukas niya ay dalawang pares ng kamay na kaagad ang humawak sa kanyang mga braso.

Itinaas ni Tiyong Kayo ang dala nitong gasera para maipakita ang kanyang mukha sa tatlong lalaki na nasa labas ng kanilang bahay.

“Maganda...” sabi ng matabang lalaki na mukhang leader ng grupo.

Sisigaw sana si Elena ngunit kaagad na natakpan ang kanyang bibig at binusalan. Nagpumiglas siya ngunit parang sa bakal ang mga kamay ng mga lalaking humahawak sa kanya. Kinaladkad siya ng mga ito papunta sa truck na nakaantabay sa kalsada. Pinaakyat siya sa saradong likod at doon ay nakita niyang may lima pang babae na may busal din. Wala na siyang nagawa kundi ang umiyak nang mag-umpisang umandar ang truck at unti-unti siyang napalayo sa kubo ng kanyang Lolo Berto hanggang sa nawala iyon sa kanyang paningin.

## *The Lost Knight - Sefah Mil*

---

Mga tatlong oras din ang biniyahe ng truck hanggang sa lumabas sa kalsada na nasa gilid ng bangin na nakaharap sa dagat na sa malayuan ay may umiilaw na barge. Bumaba ang sasakyan hanggang sa narating nila ang pampang. Hinablot sila ng mga lalaki pababa ng truck at kinaladkad sa buhanginan kung saan may nakaantabay na bangka. Sumakay silang siyam doon at naglayag palapit ng barge. At nang nasa paanan na sila ay may bumaba na rubber boat. Isa-isa silang pinasakay roon at hinatak pataas ng baraga.

Isang matangkad na babae at dalawa pang lalaki ang nabungaran ni Elena nang nakaapak sa madilim na bahagi ng barge. Ang mga ito ang kumaladkad sa kanilang anim na babae papasok sa loob ng pinto at ibinaba sa hagdanan, doon ay may mga sasakyan na nakahilera. Pumasok sila sa isang malawak na opisina at doon inalis ang kanilang mga busal.

“Mga walanghiya!” sigaw ng isang mulata. “Mga hayop!”

“Tumahimik ka o papaputukin ko ang baril na 'to sa bunganga mo!” sabi ng babae. Maigsi ang buhok nito na may bangs, matapang ang hitsura at nakakamatay kung tumingin ang tsinitang mga mata.

Napatigil sa pag-iyak si Elena nang nakita ang

nguso ng baril. Nakakalula na parang anumang oras ay puwedeng pumutok ang sandata. Ano ba ang nagawa niya sa kanyang Tiyong Kayo para ipadala siya sa ganitong lugar? Kung buhay lang ang Lolo Berto niya ay hindi ito mangyayari sa kanya.

Inisa-isang tiningnan ng tsinitang babae ang kanilang mga mukha at ang dalawang babae na hindi kagandahan ay pinabusalan uli nito para itapon sa dagat na hindi man lang tinanggal ang tali sa kamay para sana makalangoy ang mga ito papunta sa pampang.

“Laslasin muna ang tagiliran ng mga ’yan bago itapon!” sigaw nito sa mga lalaki. “Takot ako sa karma at sila ang kakarma sa akin kapag hindi papatayin ang mga ’yan.”

Binigyan sila nito ng mga damit at dinala sa isang kuwarta. Bukas daw ay dapat maaga silang gigising dahil tuturuan sila ni Angelica, ang tsinita, ng mga gagawin. At dapat daw ay hindi namamaga ang kanilang mga mata dahil malilintikan sila rito.

Dahil takot ay hindi umiyak si Elena para hindi mamaga bukas ang kanyang mga mata. Siguro dahil sa buong araw ng lamay at sa biyahe ng truck ay nakatulog siya habang kahati sa kama ang magandang mestisahing hindi matigil sa paghikbi.

Pero balisa ang kanyang pagtulog at nang umpisang pumasok ang liwanag mula sa maliit na bintana ng cabin ay napamulat kaagad siya.

Mabuti naman dahil maagang pumasok doon si Angelica para tingnan ang kanilang mga mata. Dahil sobrang maga ang mga mata ng mestiza, binigyan ito ng babae ng maliit na sampal na hindi nakaiwan ng bakas. Tinapunan sila ng mga yelo para ilagay sa kanilang mga mata at inutusang maligo.

Parang robot naman silang pumila sa banyo sa loob ng silid at nang nakapagbihis sa mga binigay na seksing bestida ay kinaladkad sila sa isang malaking cabin kung saan may isang baklang naglalagay ng mga seksing damit sa aparador. Doon sila pinagsabihan ni Angelica na dapat masisiyahan sa kanila ang mga parokyano ng barge o itatapon sila sa dagat na nakatali ang mga kamay at paa at nakabusal ang bibig.

Mayamaya pa'y inumpisahan silang ayusan ng bakla. Unang nilagyan ng makeup ang matapang na mulata. Siguradong may dugong Aeta ito dahil may kaitiman ang balat at may pagkasarat ang ilong, pero matangkad at balingkinitan ang katawan kaya maganda ang dating. Ang isa ay morena rin na mahaba ang buhok. At ang maganda ay ang mestiza

na kulay tsokolate ang maiksing buhok. Magang-maga kasi ang mga mata nito kaya hindi nakalutang sa ngayon ang ganda.

Siya ang ikatlong inayusan at habang tinitingnan ang simpleng morenang hitsura sa salamin na unti-unti naging diyosa sa kamay ng bakla ay maluhaluha siya. At habang ginugupit ng bakla ang kanyang mahabang buhok para makulot ng hanggang balik ay napapatanong siya kung ano ang magiging kahihinatnan ng kanyang buhay pagkatapos nito.

---

Kararating lang ni Ezekiel sa Pilipinas para magbakasyon mula sa pag-aaral niya ng MBA sa Amerika nang dumating sa mansyon nila ang pasaway na kaibigang si Jake sa pagkaimbyerna ng kanyang mama. Ilang gusot din ang napasukan niya noong high school dahil sa pagyaya ng kaibigan. Mahilig kasi si Jake sa mga bagay na delikado at nakakasakit ng ulo. Pagpasok nito sa billiard hall nila kung saan siya naglalaro ay niyaya na siya nitong magsugal.

“And casino is a child’s game!” dugtong nito. “I’ve been to a barge where players stake a beachfront property in a game of cards. One even dared stake his beautiful French wife and lost her.”

“Really?”

“Oo, kaya mag-empake ka na and let’s go!”

Naengganyo siya kaya hindi siya nagpatumpik-tumpik. Naglagay siya ng mga damit at underwears sa knapsack niya at nagtakbuhan sila ni Jake papunta sa nakaantabay na sports car sa labas.

“Where are you going?” sigaw ng ina ni Ezekiel, nagdidilig ito ng hardin.

“Church, Mommy!” sigaw rin ni Jake habang pinapaandar ang kotse.

“Love you, Mom!” sigaw niya nang papalabas na sila ng gate.

Akala niya ay dederecho sila sa pier sa Manila, ngunit patuloy na nagmaneho ang kaibigan. Binagtas nila ang daan papunta ng Batangas hanggang sa lumiko ang sasakyan nito sa isang maliit na bako-bakong daan at huminto sa isang maliit na pantalan kung saan may mahabang hilera ng magagarang sasakyan. Inihimpil nito ang sports car sa likod ng bodega at lumapit sila sa isang nakatabakong lalaking mukhang drug lord habang pinapalibutan ng mga goons.

“Jacko boy, sasama ka uli?” tanong nito.



“Opo, Ninong!” Ipinakilala ito sa kanya ni Jake bilang si Dongsy Abraham.

Isang kinakalbong Chinese ang lumapit sa kanila at nagpakilalang si Dior Tan. May-ari raw ito ng mga pabrika ng mga bote at papel. Ngunit nang tumalikod para makipagkuwentuhan sa grupo sa kabila ito ay ibinulong sa kanya ni Jake na manufacturer daw ng *Ecstasy* drugs ang lalaking iyon.

“And you’re dealing with these people?”

“Of course not! I’m just playing cards with them.”

“Paano kapag may police na darating at mangdakit dito?” hamon niya.

“Maraming politikong sumasakay sa barge, ano ka ba?” Tinuro nito ang papalabas na kagalang-galang na lalaki mula sa itim na *Ferrari*. Nakita niya ito sa TV na nakikipagdebate sa plenaryo; isa itong kongresista. At may dumating na isa pang politico, kasama ang isang papasikat na bold star.

Hindi nagtagal ay dumating ang barge. Malaki ito at may kalumaan. Mukha ngang barkong pangpirata, kulang lang ng bandilang may larawan ng bungo. Ngunit iyon ang nagbigay ng exotic na anyo dito. Kaya nga tulad ng ibang nakaantabay, na-excite din siyang sumakay. Kasama ni Mr. Abraham ay nakipila

silang na makaakyat sa isang magarang lobby na inaadornohan ng mga berde at dilaw na wallpaper at palitada ng ginto. Kuwento sa kanya ni Jake raw na dating luxury liner ang barge na naglalayag sa Mediterranean Sea at napanalunan ng isang lalaki sa isang sugal. At dahil hindi na puwedeng ibiyaheng pampasahero sa kalumaan, ginagamit na lamang daw na pangkarga ng malalaking gamit papuntang Visayas at Mindanao at paminsan-minsan ay pasugalan.

Binayaran ni Jake sa concierge ang sobrang mahal nilang ticket at ibinato sa kanya ang susi ng kanyang magiging kuwerto. Tinungo niya sa lower deck ang kinaroroonan ng room 207 at iniwan sa cabin ang mga gamit bago siya umakyat sa pinakatuktok na deck kung saan ang pasugalan.

Mailaw ang silid dahil pulos bintana ang nakapalibot at mukhang inalis ang mga abubot na dating nakakabit dahil libre na ang silid. Lamesa at mga upuan na lang ang nakatayo at isang bar sa gilid kung saan bumabaha ang inumin at pulutan. Nakapuwesto na ang karamihan ng mga pasahero ng barge para sa larong poker, ngunit doon siya nakipuwesto para sa laro ng tong-its. Gusto niya ang larong iyon. Ito ang nilalaro nila ng mga kaibigang Pinoy sa Tate kapag walang pasok.

Nasa kalagitnaan sila ng laro nang pumasok ang isang magandang tsinita sa loob at nagtanong kung gusto nila ng babaeng birhen dahil magpapa-bid ito ng babae. Nagtawanan ang mga kasama niya sa mesa. Sinabi ng mga ito na ipalabas ang mga babae at kung maganda, bakit hindi mag-bid?

Nawala sa silid ang babaeng nagngangalang Angelica, at pagkatapos ng ilang minuto ay bumalik ito kasama ang dalawang babae. Kapwa maganda ang mga ito; maitim ang isa na matangkad at ang isa naman ay simple lang, maliit na mahaba ang buhok. Fifty thousand pesos daw ang bid sa bawat babae.

“Virgin ba talaga ’yan? Dapat may refund kapag hindi!” sigaw ni Mr. Abraham na ikinatawa ng lahat.

“Of course!” sigaw ni Angelica.

“I’ll give you three hundred thousand kung may maibigay kang mas maganda pa diyan!” sigaw ng isang nagmamantikang matabang lalaki sa kabilang mesa.

“Talaga, Sir?” Mukhang na-excite ang tsinita sa presyo. “Sandali lang po!” Lumapit ito sa isang lalaki sa dulo at nag-utos.

Tinitigan ni Ezekiel ang mga babae; parang mapapaiyak ang mukha ng mga ito. Parang may

hindi tama, pero kung anuman iyon, mas mabuting tumahimik siya dahil bisita lang siya rito at mukhang karamihan ng tao sa barge ay may baril. Wala pa naman siyang dala dahil hindi niya akalain na ganitong mga tao ang makakasama niya roon.

Nag-umpisa na ring mag-bid ang mga lalaki. Si Jake nga ay naki-bid din sa maitim na babae dahil nga mahilig ito sa exotic.

Hindi siya nakigulo sa mga babae. Maganda ang baraha niya kaya napatutok siya nang husto. Napaalis lang siya sa mesa nang nakaramdam ng tawag ng kalikasan. Papasok siya sa rest room nang narinig si Angelica na sinesermunan ang mga lalaki dahil nawawala raw ang isang babae. Naaawa siya sa mga babae, ngunit ano ang magagawa niya? Nagkalat sa barge ang mga drug lords at mga buwaya sa gobyerno.

At dahil exciting ang laban ng tong-its, hindi niya namalayan na umabot siya ng alas diez sa lamesa habang kalaro ang isang diplomat, isang Chinese at isang gobernador galing sa Katagalugan. Nagpaalam na siya na magpapahinga na sa kanyang cabin, dala ang panalo niyang dalawang daang libong piso. Pinalitan siya ng isang Bombay sa mesa. Si Jake at ang mga kalaro nito ng poker ay ayaw pa ring

tumigil. Bagsak ang mukha ng kaibigan, siguradong talo.

Dahil sa lagkit ng hanging-dagat, naligo muna siya bago matulog. Pumasok siya sa banyo ng cabin at nag-shower. Dahil nakalimutan niyang kumuha ng tuwalya sa bag, walang saplot sa katawan na lumabas siya roon. Nasa ilalim ng bunk bed ang kanyang bag kaya lumuhod siya upang kumuha roon ng damit at tuwalya. Nagulat siya nang hindi bag ang kanyang nahablot kundi isang kamay. Dumuko siya at doon sa ilalim ay nakita niya ang isang babaeng takot na takot at umiiyak. Napaatras siya at kaagad na hinabot ang kumot para matakpan ang hubad na katawan.

“Bakit nandiyan ka?” usisa niya sa estranghera.

Hikbi ang sagot nito.

Tinulungan niya itong makalabas mula sa ilalim ng bunk bed. Magulo ang hitsura nito, tumutulo ang mascara mula sa pilikmata, sumasabay sa luha.

“Huwag n’yo po akong ibalik sa kanila. Nagmamakaawa po ako!” nasabi nito bago yumakap sa kanya.

“Ano ba ang nangyari sa ’yo? Bakit ka nandito?”

Sa gitna ng mga hikbi ay ikinuwento sa kanya

ng babae na dinukot ito sa kanilang kubo at inakyat sa barge para ibenta sa mga nagsusugal.

“Tulungan n’yo po ako!”

Nabagbag naman ang loob niya, lalo na at menor de edad pa lang pala ito. Ano na kaya ang nangyari sa ibang babae sa labas? Mabuti at nakatakas ang isang ito.

May kumatok sa pinto ng cabin.

Dali-dali niyang tinulungan ang babae na makapasok pabalik sa ilalim ng bunk bed. Kalmante niyang binuksan ang pinto para walang mapansing kakaiba ang dalawang lalaking nasa labas.

“Sir, hinahanap ko kasi ang anak ko. Baka po may mapansin kayo. Balingkitan siya at hanggang balikang kulot na buhok.”

“Babae?” balik-tanong niya habang nakatingin sa mga baywang ng mga ito na namumukol sa baril. “Wala naman akong nakasalubong.”

“Gan’on po ba? Salamat na lang po,” sabi ng mas matanda sa dalawa bago umalis.

Ni-lock niya ang pinto at tinulungan muli ang babae na makalabas ng bunk bed.

“Dadaong bukas ang barge sa pier sa Panay. Dapat makababa ka.” May naisip siyang ideya. Hindi puwedeng bumaba ito sa rampa. Ang tanging pag-asa lang nito ay ang tumalon sa dagat. Pinabalik niya ito sa ilalim ng bunk bed bago siya lumabas ng silid para maghanap ng life jacket at lubid. Lumabas siya sa open deck para pasimpleng maghanap ng life boat dahil siguradong tinatalian ito ng lubid. Tatlong life boats ang nandoon. Inumpisahan niyang baklasin ang isang lubid ngunit ang tindi ng pagkatali kaya lumipat siya sa isa. Ilang minuto rin ang nagugol niya roon bago niya nakuha ang mga walong metrong haba ng lubid.

Sa bahaging madilim ay para siyang si James Bond na tumatakbo-takbo pasalisi para walang makakita sa kanya. Tinali niya kaagad ang lubid sa railing para bababa na lang doon mamaya ang babae. Hindi niyon abot ang tubig pero siguradong hindi na maugong ang paghulog doon ng estranghera.

Ang sunod niyang tinrabaho ay ang life jacket. Kanina ay may nakita siyang aparador na may sign na ‘life jacket’ malapit sa gawi ng saradong kantina. Dumerecho siya roon at mabilis na kinuha ang lubid na nakabigkis sa pinto ng aparador. Ngunit saktong nasarado niya ang lagayan ng life jackets nang nakita siya ni Angelica.

“Can I be of help?” tanong nito.

Nag-panic si Ezekiel pero kaagad ding nakaisip ng sagot. “Takot ako sa dagat. Sakaling may mangyari sa barko, meron na akong salbabida.”

Napatawa ito. “Sweet boy!” Nagbigay ito ng mabining haplos sa kanyang pisngi bago lumakad palayo nang may nang-aakit na tingin.

Napahugot siya ng malalim na hininga bago dumerecho sa kanyang kuwarto. Binaklas niya ang suot na waterproof *Rolex* watch at binalot sa plastic kasama ng ilang halaga mula sa pitaka. Tinali niya ang plastic sa life jacket na pinasuot sa babae. Sinabihan niya itong maging mabilis dahil tatakbo sila paakyat sa open deck kung saan puwede itong makatakas sa pamamagitan ng pagtalon sa tubig. Walang katao-tao ang hallway sa hilera ng kuwarto kaya mabilis silang tumakbo.

Pinahintay niya sa ibaba ang kasama at nauna siyang umakyat para tingnan kung may tao sa kanilang patutunguhan. Nang wala ay sinenyasan niya itong umakyat.

Pahangos uli silang tumakbo sa isang hallway nang may narinig silang mga yabag na papasalubong mula sa hallway sa kanang bahagi. Tumakbo sila



pabalik. Mabuti naman at may nakita silang garbage room. Doon sila pumasok! Takot na takot ang mukha ng babae kaya niyakap niya ito.

Nang wala na ang mga yabag ay lumabas sila ng garbage room at tumakbo papunta sa exit ng upper deck kung saan sinalubong sila ng malakas na hangin. Mabuti naman at abalang-abala ang lahat ng pasahero sa sugalan kaya wala ring tao na pagalagala sa deck. Madali niyang naihatid ang babae sa railing kung saan niya tinali ang lubid.

Bababa na sana ito sa lubid nang napatigil ito para tumingin sa kanya.

“Paano ko po kayo mapapasalamatan?” tanong nito.

“Just promise me that you’ll safely reach the shore. That will be more than enough for me.”

Hindi na sumagot ang estranghera. Yumakap ito sa kanya nang sobrang higpit. “Salamat,” ang huli nitong sinabi bago lumipat sa kabilang panig ng railing para makaumpisa ng pagbaba.

“Hoy!”

Nagulat siya at kaagad na tumingin sa pinanggalingan ng boses.

Nakatawang Jake ang lumabas ng pinto. “Ano’ng ginagawa mo diyan?”

“Ah... wala!” sagot niya.

Matagal na rin silang nag-uusap tungkol sa natalong pera nito sa sugal nang may mga taong lumabas sa exit door ng upper deck. Ang mga ito ay may dalang flashlight.

“Tingnan n’yo nga diyan sa dagat at baka nakatalon na ’yon!” utos ni Angelika sa tatlong lalaki. Mabuti at dumerecho ang mga ito sa kabilang bahagi di-kalayuan sa kinatatayuan nila kung saan nakatali ang lubid. Doon nagpalipad ng ilaw ng flashlight ang mga ito.

Hindi naman makahinga si Ezekiel habang tinitingnan din ang tubig na naiilawan. Sana ay hindi mahagip ang babae. Pakiramdam niya ay nandoon lamang ito at lumulutang-lutang.

“Ano ang ginagawa ng mga ’yan?” tanong ni Jake.

Nagkibit-balikat siya at umiling.

Dahil walang nakita ay bumalik din sa loob ang grupo.

“Andiyan lang ’yan sa loob!” galit na galit na singhal ni Angelica.

*The Lost Knight - Sefah Mil*

---

“Pasok na tayo,” yaya ng kaibigan.

Hindi siya sumunod dahil kailangan niya pang ibalik ang lubid sa life boat. Dalangin niya na sana ay makarating nang maayos ang babae sa pampang.

## 2

Year 2007...

Nilagyan ni Elena ng lip balm ang mga labi at sinuklay ang buhok na hanggang tainga habang nakamasid sa kanyang reflection sa salamin. Kasalukuyan siyang nasa ladies' room ng paliparan. Nagtatrabaho siya bilang sekretarya ng sikat na fashion designer na si Lili Amerlan at nandito siya ngayon sa paliparan dahil sinamahan niya ang amo na salubungin ang fiancé nito. Hindi nga niya alam kung paano naging engaged si Miss Lili sa lalaki dahil sa tatlong taon niyang pagtatrabaho sa designer ay hindi niya nakita si Mr. Javier na napadalaw sa opisina nito. Hindi nga niya alam kung ano ang hitsura nito basta ayon sa kaibigan ng amo, guwapo at mayaman ang mapapangasawa ng babae. Kilalang pamilya rin ang pinanggalingan ng lalaki at hotels and restaurants ang negosyo.

Napakaganda at ligawin ng fashion designer... pero kay Mr. Javier lang talaga nahuhumaling dahil umpisa nang sinabi rito ng magulang na engaged na ito sa nabanggit na binata ay palagi na lang itong blooming, nabawasan ang pagkairitable at naging

makatao. Dati ay hindi maganda ang ugali ng babae.

Lumabas siya ng palikuran para masamahan ang amo sa paghihintay sa labas. Ninenerbyos ito dahil namamawis, mukha nga talagang may tama. Tahimik silang nanood ng mga taong lumalabas sa paliparan at ugali niyang kapag nasa maraming lugar ay nilalakihan niya ang mga mata at baka rito niya lang muling makita si Lost Knight, ang tawag niya sa lalaking minsan ay nagligtas sa kanya sa barge.

Noong bagong salta pa lang siya sa Maynila, 'Ang Lalaki' ang tawag niya sa tagapagligtas, ngunit nang nakatapos ng isang two-year course mula sa binigay nitong pera at *Rolex* watch ay pinalitan niya ang taguri rito at naging 'Lost Knight' na.

Nang ligtas siyang makarating noon sa pampang ay isang matandang mag-asawa na nakatira malapit sa dalampasigan ang kumupkop sa kanya. Nanirahan siya roon ng dalawang buwan hanggang sa kinuha siya ng anak ng mag-asawa dahil nangangailangan ito ng tindera sa malaki nitong sari-sari store sa Tandang Sora, Quezon City. Nagtrabaho siya roon hanggang sumapit siya sa edad na labinwalong taong gulang at nagpaalam na para makapagbukod at makapag-aral muli gamit ang pera na nakuha niya sa pagbenta ng *Rolex* watch ni Lost Knight.

Masyadong mabilis ang pangyayari nang gabing iyon kaya hindi man lang niya natanong ang pangalan para mahanap niya ang lalaki at mapasalamatan muli. Ang naalala niya ay guwapo ito at matangkad. Bata pa, siguro mga anim hanggang walong taon lang ang tanda sa kanya. Saan na kaya si Lost Knight? Halos sampung taon niya rin itong hinahanap ngunit hindi niya makita-kita.

Natauhan na lamang siya mula sa kanyang pagmumuni-muni nang marinig ang tinig ng amo.

“Ayan na siya! Ayan na siya!” excited na bulalas ni Miss Lili habang nakamasid sa isang napakaguwapong mestisuhing lalaki na papalabas ng exit. Matangkad ito, natural na ngumingiti ang mga mata at naging mabagsik lang nang makita ang fashion designer. Patamad itong lumapit sa kanila at sa hindi mabasang mukha ay tumingin ito kay Miss Lili.

“Nice to see you again, Jake.”

“So you have succeeded in manipulating my parents,” sarkastikong bati ni Mr. Javier dito.

Napataas ang kilay ni Elena sa narinig. Mukhang masama ang ugali ng lalaking ito. Hindi niya gusto ang tono ng pananalita nito. Nangasim tuloy ang hitsura ng fashion designer.

“Sabi kasi ng mom mo, ako na lang raw ang sumundo sa 'yo.”

Kibit-balikat lang ang isinagot ni Jake. Nang iginiya sila ni Miss Mimi papunta sa nakaantabay na *Ferrari* ay nagkasalubong ang mga mata nila ni Mr. Jake Javier. Hindi niya ibinaba ang tingin, bagkus ay nakipagsukatan siya ng titig. Dumerecho siya sa harapan ng sasakyan para makaupo sina Lili at Jake sa likod. Nakatutok ang mga mata niya sa daan ngunit sa kung anong puwersa ay napatingin siya sa rearview mirror at nakitang doon din pala nakatingin si Jake. Binigyan niya ito ng isang ismid. Nakita niyang napangiti ito.

---

Isang painting na gawa ni Ang Kiukok ang nakakabit sa mahogany na dingding at isang Victorio Edades painting naman ang nakadikit sa tinted na salamin na humahati ng silid sa puwesto ng sekretarya. Mahilig sa mga gawa ng modernong pintor na Filipino si Ezekiel at kahit sa pad niya ay mayroon din siyang walong koleksyon mula sa gawa nina De Zalameda, Fernando Zobel at Paco Gorospe.

Tinitingnan niya ang record ng export nila ngayong buwan nang kumatok sa pinto ng kanyang opisina ang kanyang sekretarya. May dalawa raw

siyang bisita. Pinapasok niya nang sabay ang mga ito dahil inakala niyang magkasama ngunit hindi pala. Ang isa ay professional bidder niya. May nakalista raw ngayon na painting si Vicente Manansala sa *Christie's* sa Hongkong at baka gusto niyang makipag-bid.

“Magkano ba?”

Mag-uumpisa raw sa US\$40, 000.

“Paki-prepare ng mga reading materials at titingnan ko. Gusto ko ang *Madonna in the Slums* ni Manansala. Sana pareho din ang tema.”

Tumango ang bidder at nangakong babalik. Nang nakalabas ito, ang isang bisita naman ang kanyang inatupag, si Miss Alma Serna ng *Yellow Home Foundation for Girls*. Isa kasi siyang benefactor ng foundation na tumutulong sa mga batang babaeng minaltrato at minolestya. Simula nang tinulungan niya si ‘Little Girl’ na makatakas sa barge ay naging advocacy na niya ang pagtulong sa mga batang babae. Masyadong mabilis ang mga nangyari kaya hindi man lang niya natanong ang babae ng pangalan nito para mas naging madali ang paghahanap niya. Hanggang ngayon ay napapaisip siya kung ano na ang nangyari rito.



Nilagyan niya ng halaga ang tseke at pinirmahan.

“Salamat uli, Ezekiel,” sabi ni Alma bago inilagay ang tseke sa bag. “God bless.” At lumabas na rin ito.

Muling may kumatok sa pinto ng opisina niya; sa pagkakataong iyon ay ang nobyang si Danica na ang kanyang panauhin. Hindi mababasa ang emosyon sa mukha nito habang bitbit ang isang box ng cake. “Do you know that Jake is here in Manila?”

Hindi niya alam ang magiging reaksyon. Nagkaroon sila ng samaan ng loob ng kaibigan tatlong taon na ang nakakaraan nang nagkasabay silang manligaw kay Danica. Nagparaya si Jake, pumunta ito ng Amerika na hindi man lang sila nakapag-usap. Siguro ngayon na ang pagkakataon na muli silang magkita. Siya ang gagawa ng paraan dahil nga si Jake ang nagpakumbaba noon kaya siya naman dapat ang magpakumbaba ngayon. Ayaw niya nang may kagalit, lalo pa at ang matalik niya pang kaibigan.

“And I heard that he’s engaged to Lili Almeran,” dugtong nito habang hinihiwa ang cake para sa kanilang dalawa.

Napangiti siya sa suwerte ng kaibigan. Si Lili ang isa sa Manila’s most beautiful women kaya siguro

napauwi si Jake. Tatapusin niya lang ang gawain at pupunta siya sa mansyon ng mga Javier sa Alabang.

Pagdating ng alas cuatro, sakay ng kanyang kotse ay nagmaneho siya papunta sa nabanggit na lugar. Pinagbuksan siya ng guard at tinawagan nito sa intercom si Jake upang inanunsyo na dumating siya. Inihimpil niya sa gilid ng fountain ang kotse at naglakad patungo sa main door. Pinagbuksan siya ng katulong at maligaya siyang tinanggap ni Gina Javier, ang ina ni Jake. Na-miss niya ang matanda. Nasa wheelchair ito ngayon dahil na-stroke. Pinapunta siya nito sa billiard room dahil nandoon daw ang anak at naglalaro. Hindi na siya nagpasama sa mga katulong dahil sauladong-saulado niya ang daan patungo roon sa ilang beses niyang pagdalaw sa mansyon simula noong high school pa sila ni Jake.

Doon sa billiard table na iniilawan ng drop light ay nakayuko si Jake para suriin ang puwesto ng bola.

“Kamusta?” bati nito pagkakita sa kanya.

“Okay lang.” Umupo siya sa mataas na stool sa gawi ng bar at tinulungan ang sarili na kumuha ng baso at nagsalin ng rhum mula sa bukas na bote. “Narinig kong engaged ka raw kay Lili Almeran, totoo ba?”

“That bitch!” tinatamad na sagot ng kaibigan. “Kung hindi lang ako iniyak-iniyakan ni Mama, hindi ko papatusin ’yon.”

Napatawa siya. Ito ang maganda kay Jake. Sarkastiko man magsalita, hindi ito emosyonal, civil at marunong sumunod sa agos!

“But her secretary is very cute!” Isang pilyong ngiti ang sumilay sa mga labi nito habang dinadampot ang sariling baso mula sa bar counter.

Napahalakhak siya. “Ayaw mo kay Lili, pero ang sekretarya niya ang pinupuntirya mo? Ayos!”

“Ang cute kasi... basta ang cute-cute!”

Nasiyahan naman siya. At least, hindi si Danica ang pinag-uusapan nila kundi ang hindi niya kakilalang sekretarya ng fiancée nito.

Napatingin sa kanya nang matiim si Jake. “Kamusta ang paghahanap kay Little Girl? Inunahan na kita ng tanong dahil siguradong mapupunta rin doon ang usapan. Sana nakita mo na siya dahil ang tagal nang nangyari ang una at huling pagkikita n’yo.”

Muli ay napatawa siya. Naalala niyang naiirita ang kausap kapag kinuwentuhan niya tungkol sa babaeng nailigtas niya sa barge minsan dahil parang

sirang plaka raw siya, paulit-ulit.

“Nakita ko na ang *Rolex* kong relo na binigay ko sa kanya. Ilang beses ko ring in-advertise sa diyaryo ang model at serial number n’un hanggang sa may lumapit na Mr. Zacharias. Nabili niya raw kay Dionisio Tandug. Pinapahanap ko ngayon ang lalaking ’yon. Ayon sa iba, nag-abroad daw. Ang iba naman nagsasabing umuwi raw si Tandug sa Mindanao.”

Nailing na natawa ito. “Hindi talaga natapos, ha! Malay mo ngayong taon mo pala makikita si Little Girl.”

Alam na rin ng kaibigan na iyon ang tawag niya sa estrangherang tinulungan niyang tumakas mula sa isang sindikato. Dahil hindi niya alam ang pangalan ng babae ay ibinigay na lamang niya ang codename na iyon.

Kumuha siya ng billiard stick sa lagayan at nag-umpisang nakipaglaro kay Jake.

---

Kapag walang ginagawa si Elena, pumupunta siya sa *Yellow Home Foundation for Girls*. Isa itong foundation na tumutulong sa *DSWD* sa pagbibigay ng matutuluyan para sa mga batang babae na walang mapuntahan. Ganoon ang pangalan ng nabanggit

na charitable institution dahil dilaw ang ginamit na kulay sa istraktura. Tatlong taon na siyang nagsisilbi roon bilang volunteer simula nang nagkaroon siya ng trabaho. Malapit ito sa tinutuluyan niyang apartment. Tulad niyang naging biktima rin minsan, naging advocacy na niya ang tumulong sa mga batang babae.

“Mabuti nga at nagbigay ng donation si Ezekiel Ladislao, nabayaran na rin sa wakas ang kulang sa kuryente at tubig,” kuwento ni Miss Alma Serna, ang administrator ng foundation habang nagluluto ng arroz caldo na ipapakain sa mga batang babae.

Nakaupo siya sa mesa at hinihiwa-hiwa ang manok na ilalagay sa lugaw. Napapangiti siya tuwing ikinukuwento sa kanya ni Alma ang nabanggit na lalaki dahil kahit ayaw aminin ng matandang dalaga ay obvious na kinikilig ito sa benefactor. Hindi pa niya nakikita si Ezekiel pero ayon sa kausap ay bata pa raw ang lalaki, mga thirty-two years old at kay guwapo.

Kapag nandito siya sa *Bahay na Dilaw*, iyon din ang tawag nila sa *YHFFG*, nakikipaglaro siya sa mga bata at tumutulong sa paglilinis ng bahay.

Dahil information technology ang uso kaya nag-enroll siya sa kursong BS Computer Science at nauwing sekretarya ng isang sikat na fashion designer.

Tumunog ang cellphone niya, si Lili iyon.

“Nas’an ka? Dadaanan kita diyan.”

Tatlumpong minuto lang ang lumipas ay nasa labas na ng *Bahay na Dilaw* ang kotse ng designer. Papunta raw sana ito sa bahay ni Jake para maghatid ng cake kaso biglang ninerbyos.

“Ikaw na lang kaya ang magbigay sa kanya. Sabihin mo, galing sa akin. I have no idea what his reaction will be.”

Siyempre, hindi siya makahindi dahil nga amo niya ang humihingi ng pabor. Sumakay siya sa sasakyan nito at hinatid sila ng driver sa Alabang. Hindi maintindihan ni Elena si Lili. Sa ganda nito, bakit pa nito isisiksik ang sarili sa taong hindi naman ito gusto? Siguro nga dahil kaiba si Jake sapagkat mukhang ito lang ang hindi nabibihag sa ganda ng designer. At may mga babae na gustong manghabol kaysa habulin.

Pinagbuksan sila ng gwardya at habang papababa sa kotse ay pinagsabihan siya ng amo na huwag sabihin sa mapapangasawa na nasa kotse ito.

“Opo!” aniya bago pumasok sa pintong binuksan ng katulong. Hinatid siya nito sa billiard room kung saan matatagpuan si Jake. Pagpasok nila roon,

hindi man lang napataas ng tingin ang lalaki para i-acknowledge ang kanilang pagdating.

“Sir, may bisita po kayo,” tawag ng katulong.

Doon itinaas ni Jake ang mukha at napangiti pagkakita sa kanya. “What’s your name again?” tanong nito.

“Elena po.” Itinaas niya ang kahon ng cake para ipakita rito. “Pinabigay po ni Miss Lili.”

“Hindi naman siguro ako mukhang tatay para mag-po ka, sa palagay mo?”

“Hindi po... mukhang lolo lang.” Sinabayan niya ng ngiti para malaman ng kaharap na hindi siya seryoso.

Napalapad ang ngiti ni Jake. Nagpakuha ito ng dalawang platito sa katulong at nang nakabalik ang huli ay pinaupo siya nito sa bar at niyaya siyang saluhan ito sa pagkain ng cake.

Naisip niya ang amo. Baka magalit ito kapag natagalan siya. “Uhm... huwag na po, Sir, kasi may pupuntahan pa ako.”

“Hindi ko tatanggapin ang cake na ’to kung hindi kita kasabay kumain. Malay ko may lason ito o nilagyan ’to ni Lili ng gayuma. Ikaw muna ang unang

tumikim.”

Mukhang ayaw talagang tumanggap ng pagtanggap ang lalaki kaya umupo na lang siya at tinanggap ang cake. Kailangan ba niyang pangunahan ito ang pagtikim ng cake para maipakitang walang lason o gayuma? Ngunit hindi pa niya nailagay ang piraso ng pagkaing iyon sa bibig nang sumubo si Jake.

“Taga-saan ka ba?” tanong nito sa kanya para umpisahan ang kanilang pag-uusap.

“Taga-QC, sa Tandang Sora.”

Pinakuwento naman sa kanya ng lalaki kung paano siya napadpad kay Lili. Mayamaya ay naging palagay na ang loob nila sa isa’t isa.

“I like you,” ani Jake. Kanina pa nila naubos ang kani-kanyang slice ng cake pero hindi pa rin matigil ang kanilang usapan.

“Thank you,” sagot niya, sabay tingin sa oras; mag-a-alas-siete na rin. Nagpaalam na siya sa kausap. Ayaw pa sana nitong umalis siya ngunit nang makita nito ang kanyang pagsimangot ay labag sa loob na sumang-ayon ito. Hinatid siya nito sa labas ng mansyon kaya dahan-dahan siya sa pagbukas ng pinto ng kotse upang hindi nito makita si Lili.



“Tinanong niya ba kung nasaan ako?” kilig na kilig na tanong ng amo nang nasa labas na ng gate ang sasakyan.

“Hindi,” sagot niya.

Napasama ang mukha nito. “Eh, ano ang ginawa n’yo doon?”

“Ayaw kasi akong palabasin ni Sir Jake dahil takot kumain ng cake na mag-isa at baka malason daw.”

“Really? Bakit ko naman siya lalasunin?” Lalong sumama ang mukha ng babae. “Ang sama ng ugali niya.”

Hindi na siya kumibo kaya tumingin na lang siya sa daan habang pabalik sila sa *YHFFG*.

Samantala, abala sa pagbabasa sa mga dokumento si Ezekiel habang nakaupo sa sala ng kanyang bachelor’s pad sa Makati nang tumawag ang private detective na si Dikoy. Pinapunta niya ito sa pad at matiim na nakinig sa magandang balita na dala nito.

“Natagpuan ko na si Dionisio Tandug. Balita ko’y kauwi lamang niya mula sa Saudi. Isa siyang OFW d’on.”

Kumislap ang kanyang mga mata. “Saan siya

nakatira?”

May isang brown envelope na iniabot sa kanya ng kausap at tinanggap niya iyon. Inilabas niya ang information sheet mula roon at binasa. Napangiti siya. Saglit siyang nagpaalam upang magtungo sa kanyang silid at may kinuha roon. Nang bumalik siya ay iniabot niya kay Dikoy ang isang tseke. Magalang na nagpaalam ang lalaki.

Hindi na nag-aksaya ng panahon si Ezekiel. Tinungo niya ang kinaroroonan ni Dionisio sa Navotas, Rizal.

Nang marating niya ang barung-barong ay tinanggap siya ng lalaki at pinatuloy sa tahanan nito matapos siyang magpakilala. Nakita niya ang apat na babaeng mga anak nito at hindi niya maiwasang maalala si Little Girl.

Hindi na siya nagpaligoy-ligoy pa. “Natatandaan n’yo po ba ang *Rolex* watch na ibinenta kay Mr. Zacharias?”

Hindi kaagad nakasagot si Dionisio ngunit nang naglaon ay napatango ito.

“Saan n’yo po nabili ang relo?”

Ikinuwento nito na nabili ang mismong relo sa

may-ari ng *Hope and Austerity Pawnshop* na malapit sa address ng dating bahay nito sa Commonwealth. Nilista niya ang eksaktong address na binigay nito.

“Pero ikinalulungkot ko, nasunog ang pawnshop na ’yan isang taon bago kami umalis sa Commonwealth.”

Napailing siya sa narinig.

Matapos ang ilang saglit pang pag-uusap ay nagpaalam na siya. Isang buntong-hininga ang pinakawalan niya, matatagpuan pa kaya niya ang babaeng matagal nang hinahanap?